



PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO (PSSP)

4A Annex, Alcal Building, 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telepono: (02) 434-6406 at (02) 929-5572

PANUNTUNAN NG PSSP

SERYE 2007-01

Pangkalahatang Alituntuning Pangkasapian

Upang malinaw ang mga pagkilos ng Komite sa Kasapian at Ugnayan, pinapahayag at pinagtibay ang Pangkalahatang Alituntunin na ito.

Salalayan ang Artikulo IV: Kasapian

- Seksyon 1. Sinumang naniniwala sa mga pagpapahalaga, paninindigan, at layunin ng panlipunan at propesyonal na samahang PSSP. Bukas ang PSSP sa mga indibidwal o grupong nasa larangan ng Sikolohiya at iba't iba pang larangan ng pag-aaral, pagsusuri, at pag-unawa sa kultura, lipunan, at sikolohiyang Pilipino.
- Seksyon 2. Ang mga kasapi ay magtatamasa ng mga sumusunod na karapatan at pribilehiyo na titiyakin sa hiwalay na pagtitibaying Pangkalahatang Alituntuning Pangkasapian:
- Mabigyan ng mga kabatiran at kasulatan kaugnay ng mga pagkilos ng samahan;
 - Dumalo sa mga espesyal at regular na pulong na itinalaga ng samahan;
 - Magharap ng mga konstruktibong mungkahi, opinyon, at puna sa sinumang kasapi at pinuno ng samahan;
 - Humiling ng *pagtugon sa mga hinaing at karampatang pagdinig*;
 - Bumoto sa anumang pagpapasya ng Pangkalahatang Kapulungan;
 - Maghalal at/o mahalal sa Lupon ng mga Kadiwa;
 - Maging bahagi ng anumang pagkilos ng samahan.
- Seksyon 3. Ang mga kasapi ay tutupad sa mga sumusunod na tungkulin at responsibilidad:
- Isulong at itaguyod ang mga pagpapahalaga, paninindigan, at layunin ng samahan;
 - Tumupad sa kapasyahan at patakaran ng samahan;
 - Gampanan ang lahat ng gawaing itinatakda ng samahan.
- Seksyon 4. Ang mga kasapi ay uuriin ayon sa mga sumusunod na klasipikasyon:
- Kasaping Mag-aaral*: mga mag-aaral ng hayskul at kolehiyo (di-gradwado);
 - Kasaping Propesyonal*: mga gradwadong mag-aaral, guro, mananaliksik, at propesyonal mula sa iba't ibang larangan;
 - Kasaping Pangkabanwahan*: mga mag-aaral at propesyonal na nakabase sa ibayong-dagat;
 - Kasaping Organisasyon*: mga samahang kabataan at mag-aaral;
 - Kasaping Institusyon*: mga panlipunan at propesyonal na organisasyon;
 - Kasaping Panghabambuhay*: mga kasaping kinilala ng Lupon ng mga Kadiwa na nag-ambag ng malaki sa pagtataguyod ng samahan;
 - Kasaping Pandangal*: mga nabubuhay na kasaping pinarangalan ng *Gawad Sikolohiyang Pilipino*.
- Seksyon 5. Mapapawalang-bisa ang pagiging kasapi sa pagbibitiw o pagtitiwalag. Maaaring isuspindi o itiwalag ang sinumang kasapi sa mga sumusunod na dahilan:
- Paglabag sa Saligang Batas at sa pagpapahalaga, paninindigan, at layunin ng samahan;
 - Palagian at/o sadyang di-pagtupad sa mga tungkulin at responsibilidad;
 - Mga gawain na makasisira sa kaisahan, karangalan, at simulain ng samahan.
- Walang sinumang kasapi na isususpindi o ititiwalag ng walang *karampatang pandinig*. Ang pagsususpindi o pagtitiwalag ay maaari lamang pagpasyahan ng Pangkalahatang Kapulungan. Kailangan ang tatlong-kapat (3/4 o 75%) na *botong apirmatibo* para ipagpatibay ang kapasyahan.

Pangkalahatang Alituntuning Pangkasapian ng PSSP	Klasipikasyon/Uri ng mga Kasapi						
	Mag-aaral	Propesyonal	Pangkababawahan	Organisasyon	Institusyon	Panghabambuhay	Pandangal
Batayan/Rekisito ng Kasapi na nasa mabuting katayuan							
Beses ng pagdalo sa mga pagkilos ng PSSP	1 o higit pa	1 o higit pa	1 o higit pa	1 o higit pa	1 o higit pa	--	--
Halaga ng Pangkada Isang Taong Butaw	P100	P500	\$100	P250	P5,000	P5,000 (o pagli-lingkod ng dalawa o higit pang taon sa pamunuan)	walang bayad (pinarangalan ng <i>Gawad SP</i>)
Karapatan at Pribilehiyo bilang Kasapi							
Maghalal sa Lupon ng mga Kadiwa (para lamang sa mga naging kasapi bago ang araw ng Pangkalahatang Halalan)	wala	meron	meron	meron (1 boto para sa buong grupo)	meron (1 boto para sa buong grupo)	meron	meron
Mahalal sa Lupon ng mga Kadiwa	meron	meron	meron	wala (ngunit may isang kinatawan sa Lupon ng mga Tagapanqasiwa)	wala (ngunit may isang kinatawan sa Lupon ng mga Kadiwa)	meron	meron
Magkaroon ng <i>identification card</i>	meron	meron	meron	wala (ngunit may katibayan/sertipiko)	wala (ngunit may katibayan/sertipiko)	meron	meron
Magkaroon ng sulat-balitaan	meron	meron	meron	meron	meron	meron	meron
Magkaroon ng diskwento sa mga monograp, jurnal, at aklat ng PSSP	10%	10%	10%	10%	10%	10%	100% libre!
Magkaroon ng diskwento sa mga pagsasanay at pambansang kumperensya ng PSSP	10%	10%	10%	10%	10%	10%	100% libre!



PAMBANSANG SAMAHAN SA SIKOLOHIYANG PILIPINO (PSSP)

4A Annex, Alcal Building, 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Quezon City
Telepono: (02) 434-6406 at (02) 929-5572

PANUNTUNAN NG PSSP

SERYE 2007-02

Pangkalahatang Alituntunin ng mga Komiteng Pang-organisasyon

Upang malinaw ang mga pagkilos ng mga komiteng pang-organisasyon ng PSSP, pinapahayag at pinagtitiyab ang Pangkalahatang Alituntunin na ito.

Salalayan ang Artikulo VI, Seksyon 3: Ang mga Komiteng Pang-organisasyon ay bubuuin ng mga kasapi ng samahan na hihirangin ng Lupong Tagapangasiwa. Ang mga Komiteng Pang-organisasyon ay kabibilangan ng Kasapian at Ugnayan; Lohistika at Pananalapi; Panlipunang Pagtataguyod; Pagsasanay at Patuloy na Edukasyon; Pananaliksik at Publikasyon; Pambansang Kumperensya; at iba pang inaakalang kinakailangan. Ang mga komiteng ito ang pangunahing tagapagpatupad ng mga pagkilos ng samahan. Ang mga Komiteng Pang-organisasyon ang:

- a. Magpapatupad ng mga pagkilos ng bawat komiteng pang-organisasyon;
- b. Magpapatupad ng mga pinagpasyahan ng Lupong Tagapangasiwa;
- c. Magpupulong isang beses isang buwan at/o kung kailan kinakailangan.

Seksyon 1. Partikular na pagkilos ng Komite sa Kasapian at Ugnayan ang mga sumusunod:

- a. Mangangasiwa sa mga programa para sa pangangalalap ng kasapi at kaugnayang organisasyon;
- b. Mamamahala sa pagproseso ng pagtanggap, pagsususpindi, pagtitiwalag, o pagbibitiw ng mga kasapi;
- c. Mamamahala sa pakikipag-ugnay sa Tatsulok sa PSSP;
- d. Mamamahala sa pagproseso ng pagtitibay ng kasunduan sa mga kaugnayang organisasyon;
- e. Magtitiyak sa pagdalo ng kasapian at kaugnayan sa mga pagkilos ng samahan;
- f. Magbubuo ng direktoryo ng samahan;
- g. Tutupad sa iba pang kaugnay na pagkilos na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa, Lupon ng mga Kadiwa, at Pangkalahatang Kapulungan.

Seksyon 2. Partikular na pagkilos ng Komite sa Lohistika at Pananalapi ang mga sumusunod:

- a. Magbabalangkas ng mungkahing aproprasyon o badyet ng samahan;
- b. Mag-iingat ng lohistikal at pananalaping yaman ng samahan;
- c. Mamamahala ng pagbebenta ng mga publikasyon ng samahan;
- d. Mangangalap ng butaw mula sa mga kasapi ng samahan;
- e. Mangangasiwa sa suportang teknikal ng mga programa para sa pangangalalap ng pondo na papangunahan ng Lupon ng mga Kadiwa;
- f. Mangangasiwa ng pagbubuo ng ulat pampinansya na isusumite at pagtitibayin ng Tagapangasiwang Direktor at Lupon ng mga Kadiwa sa pamamagitan ng isang hihirangang Tagasuri ng samahan;
- g. Tutupad sa iba pang kaugnay na pagkilos na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa, Lupon ng mga Kadiwa, at Pangkalahatang Kapulungan.

Seksyon 3. Partikular na pagkilos ng Komite sa Panlipunang Pagtataguyod ang mga sumusunod:

- a. Mamamahala sa mga pagkilos para sa adbokasiya ng samahan;
- b. Mamamahala sa pagpapahayag ng mga pagsusuri, paninindigan, at posisyon ng samahan sa mga isyung panlipunan;
- c. Mamamahala sa pagpapakilala ng samahan sa iba't ibang larangan sa pamamagitan ng samu't saring pamamaraan sa publikidad;
- d. Mangangasiwa sa suportang teknikal ng mga programa para sa promosyon ng samahan na papangunahan ng Lupon ng mga Kadiwa;
- e. Tutupad sa iba pang kaugnay na pagkilos na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa, Lupon ng mga Kadiwa, at Pangkalahatang Kapulungan.

Seksyon 4. Partikular na pagkilos ng Komite sa Pagsasanay at Patuloy na Edukasyon ang mga sumusunod:

- a. Mamamahala sa Aklatan sa Sikolohiyang Pilipino;
- b. Mamamahala sa Kapihan sa PSSP;
- c. Mamamahala sa Piling Piling Araw ng PSSP;
- d. Mamamahala sa Linangan sa Sikolohiyang Pilipino;

- e. Tutupad sa iba pang kaugnay na pagkilos na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa, Lupon ng mga Kadiwa, at Pangkalahatang Kapulungan.
- Seksyon 5. Partikular na pagkilos ng Komite sa Pananaliksik at Publikasyon ang mga sumusunod:
- Mangangasiwa sa suportang teknikal para sa Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino;
 - Mangangasiwa sa suportang teknikal para sa Publikasyon ng PSSP;
 - Tutupad sa iba pang kaugnay na pagkilos na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa, Lupon ng mga Kadiwa, at Pangkalahatang Kapulungan.
- Seksyon 6. Partikular na pagkilos ng Komite sa Pambansang Kumperensya ang mga sumusunod:
- Mangangasiwa sa suportang teknikal para sa Pambansang Kumperensya;
 - Tutupad sa iba pang kaugnay na pagkilos na itatakda ng Lupong Tagapangasiwa, Lupon ng mga Kadiwa, at Pangkalahatang Kapulungan.
- Seksyon 7. Pangunahing Programa ng PSSP na papangasiwaan ng iba't ibang Komiteng Pang-Organisasyon ang:
- Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino:** Isinasagawa taun-taon ang *Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino* ayon sa kakayahan ng samahan. Komprehensibong tinatalakay sa mga pambansang kumperensya ang isang piling tema. Nitong mga nakaraang taon, isinasagawa ang pambansang kumperensya tuwing Nobyembre bilang paggunita rin sa kaarawan ni Dr. Virgilio G. Enriquez, ang Ama ng Sikolohiyang Pilipino.
 - Kapihan sa PSSP:** Itinataguyod ang *Kapihan sa PSSP* isang beses bawat taon batay sa kakayahan ng samahan. Isa itong okasyon kung saan tinatalakay ang mga bagong pananaliksik kaugnay ng mga isyung konseptwal, teoretikal, pilosopikal at metodolohikal sa Sikolohiyang Pilipino.
 - Piling Piling Araw:** Paksa. Inumin. Pagkain. Ito ang mga sangkap na nagpapalinamnam sa *Piling Piling Araw (PPA)*. Nag-aanyaya ng mga piling tagapagsalita upang talakayin ang isang natatanging paksa. Sinusundan ito ng pagsasalo sa katutubong inumin at pagkain. Inililibot ang *PPA* sa iba't ibang eskwelahan, kolehiyo, at unibersidad.
 - Tatsulok sa PSSP:** Itinataguyod ang *Tatsulok sa PSSP* upang pagtagpuin ang mga pinuno ng mga organisasyong pang-mag-aaral ng iba't ibang eskwelahan, kolehiyo, at unibersidad na nagsusulong ng pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino. Pagkakataon ito para sa pagpupulong tungkol sa pakikipagtulungan ng mga organisasyon sa mga pagkilos ng PSSP at pagbubuo ng mga pagkilos ng pagtutulungan ng mga organisasyong pang-mag-aaral.
 - Linangan sa Sikolohiyang Pilipino:** Binubuo ng iba't ibang pagsasanay, seminar, at worksyap para sa lalo pang pagpapalaganap ng Sikolohiyang Pilipino ang *Linangan sa Sikolohiyang Pilipino (LSP)*. Sa kasalukuyan, may tatlong natatanging kurso at programa ang *LSP*: Mga Katutubong Pamamaraan ng Pananaliksik, Pagtuturo ng Sikolohiyang Pilipino, at Maka-kulturang Paggabay sa Kabataan.
 - Aklatan sa Sikolohiyang Pilipino:** Pinapangasiwaan ang *Aklatan sa Sikolohiyang Pilipino* sa tanggapan ng PSSP. Naglalaman ang naturang aklatan ng malawak na koleksyon ng mga babasahin at lathalain ukol sa sikolohiya, lipunan, kultura, at kasaysayang Pilipino. Malaki ang maitutulong ng aklatan sa pag-aaral at pananaliksik ng mga dalubhasa, estudyante, at may interes sa Sikolohiyang Pilipino.
 - Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino:** Itinataguyod ang *Saliksikan sa Sikolohiyang Pilipino* bilang programang pangpananaliksik ng PSSP. Sa kasalukuyan, may apat na pangunahing grupong pangpananaliksik ang *Saliksikan*: Pamamahala at Pamumuno; Pagkatao at Sekswalidad; Kulturang Popular at Media; at Bolunterismo.
 - Publikasyon ng PSSP:** Itinataguyod ang iba't ibang *Publikasyon sa Sikolohiyang Pilipino* gaya ng mga aklat, jurnal (*Diwa*), monograp (*Binhi*), at sulat-balitaan (*Balitaang PSSP*) tungo sa higit pang paglalaman ng Sikolohiyang Pilipino. Inilalathala ang mga publikasyon ng PSSP ayon sa kakayahan ng samahan.
 - Websayt ng PSSP:** Pinapangasiwaan din ang *Websayt ng PSSP* ng PSSP batay sa kakayahan ng samahan. Naglalaman ang websayt ng mga pangunahing impormasyon tungkol sa samahan, promosyon ng mga pagkilos, at piling digital na publikasyon.